

**DISTRITO NG MGA SERBISYO SA KOMUNIDAD NG SAN SIMEON
PATAKARAN SA PAGPUTOL NG RESIDENSIAL NA SERBISYO SA TUBIG**

1. Layunin.

Itinatag ang patakarang ito upang sumunod sa Panukalang Batas ng Senado 998 na kilala bilang “Water Shutoff Protection Act” (“Batas sa Proteksyon sa Pagputol ng Tubig”) at inaprubahan ng Gobernador noong Setyembre 28, 2018.

2. Epektibong Petsa.

Magkakaroon ng bisa ang patakarang ito sa Abril 1, 2020.

3. Mga Wikang Inilathala.

Ang patakarang ito at ang mga nakasulat na abiso na iniaatas sa patakarang ito ay makukuha at ilalathala sa Ingles, sa mga wikang nakalista sa Seksyon 1632 ng Kodigong Sibil, na kinabibilangan ng Espanyol, Tsino, Tagalog, Vietnamese, at Koreano, at anumang iba pang wikang sinasalita ng hindi bababa sa 10 porsyento ng mga taong naninirahan sa lugar na may siniserbisyuhang tubig ng Distrito.

4. Mga Iniiatas Bago ang Pagputol ng Serbisyo sa Tubig.

A. Hindi puputulin ng Distrito ang residensyal na serbisyo para sa hindi pagbabayad hanggang sa ang kabayaran ng customer ay naging delingkwente ng hindi bababa sa animnapung (60) araw. Sa hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang pagputol ng residensyal na serbisyo para sa hindi pagbabayad, makikipag-ugnay ang Distrito sa customer na nakapangalan sa account sa pamamagitan ng telepono o nakasulat na abiso.

B. Kapag nakipag-ugnay ang Distrito sa customer na nakapangalan sa account sa pamamagitan ng telepono alinsunod sa sub-talaga (A), mag-aalok ang staff na ipagkaloob ang patakarang ito sa paraang nakasulat. Mag-aalok ang staff ng distrito na talakayin ang mga opsyon upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo nang dahil sa hindi pagbabayad, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga alternatibong iskedyul sa pagbabayad, ipinagpalibang pagbabayad, minimum na pagbabayad, pamamaraan para sa paghiling ng amortisasyon ng hindi nabayarang balanse, at petisyon para sa pag-aaral at pag-apela sa singil.

C. Kapag nakipag-ugnay ang Distrito sa customer na nakapangalan sa account sa pamamagitan ng nakasulat na paunawa alinsunod sa sub-talaga (A), ang nakasulat na abiso ng pagkadelingkwente sa hindi pagbabayad at nakabinbing pagputol ay ipapadala sa customer ng tirahan kung saan ang residensyal na serbisyo ay ipinagkaloob. Kung ang address ng customer ay hindi ang address ng ari-arian kung saan ipinagkaloob ang residensyal na serbisyo, ipapadala

rin ang abiso sa address ng ari-arian kung saan ang residensyal na serbisyo ay ipinagkakaloob, na naka-address sa "Okupante." Ang abiso ay kabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, lahat ng sumusunod na impormasyon sa malinaw at mababasang format:

- (i) Pangalan at address ng customer.
- (ii) Halaga ng pagkadelingkwente.
- (iii) Petsa kung saan ang pagbabayad o kaayusan para sa pagbabayad ay iniaatas upang maiwasan ang pagputol ng residensyal na serbisyo, na magiging animnapung (60) araw mula sa petsa kung kailan naging delingkwente ang singil maliban kung pinalawig sa pamamagitan ng pagpapasya ng General Manager.
- (iv) Paglalarawan sa proseso ng pag-a-apply para sa ekstensyon ng panahon para mabayaran ang mga delingkwenteng singil.
- (v) Paglalarawan sa pamamaraan ng pagpetisyon para sa pag-aaral at pag-apela sa singil.
- (vi) Paglalarawan sa pamamaraan kung saan maaaring humiling ang customer ng pagpapaliban, pagbawas, o alternatibong iskedyul sa pagbabayad, kabilang ang amortisasyon ng mga delingkwenteng singil sa residensyal na serbisyo.

D. Kung may reklamo o pagtutol ang customer tungkol sa serbisyo o sa pagkatumpak ng singil dito, may karapatan ang customer na ipetisyon ang singil sa tubig para mapag-aralan o iapela ang anumang mga desisyon sa Lupon gaya ng inilalarawan sa Patakaran ng Distrito Blg. _____. (Petisyon para sa Pag-aaral sa Singil sa Tubig at Proseso ng Apela)

5. Mga Tapat na Iniaatas sa Pagbibigay ng Abiso.

A. Kung hindi magagawa ng Distritong makipag-ugnay sa customer o isang taong nasa tamang gulang na umookupa sa tirahan sa pamamagitan ng telepono, at ang nakasulat na abiso ay naibalik sa pamamagitan ng koreo bilang "hindi maipapadala," dapat bumisita ang Distrito sa tirahan at mag-iwan, o gumawa ng iba pang mga kaayusan para sa paglalagay sa isang kitang-kitang lugar ng, abiso ng nalalapit na pagputol ng residensyal na serbisyo para sa hindi pagbabayad at patakaran ng Distrito sa pagputol ng residensyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad.

B. Kung ang taong nasa tamang gulang sa tirahan ay nag-apela sa singil sa tubig sa Distrito o sa anumang pang-administratibo o legal na lupon kung saan dapat dalhin ang isang apela alinsunod sa batas, hindi dapat putulin ng Distrito ang residensyal na serbisyo habang nakabinbin ang apela. Mga karapatan sa pag-apela na itinatag sa Ordinansa ng Distrito 2006-1.

6. Pagbabawal sa Pagputol ng Residensyal na Serbisyo sa Tubig.

A. Hindi puputulin ng Distrito ang residensyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad kung natutugunan ang lahat ng sumusunod na kondisyon:

(i) Ang customer, o nangungupahan sa customer, ay nagsumite sa Distrito ng sertipikasyon ng primary care provider (tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan), dahil ang terminolohiya ay binibigyang kahulugan sa sub-talata (A) ng talata (1) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 14088 ng Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon, na ang pagputol ng residensyal na serbisyo ay magiging banta sa buhay ng, o nagsisilbing isang malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente sa lugar kung saan ipinagkakaloob ang residensyal na serbisyo.

(ii) Ipinapakita ng customer na hindi niya kayang bayaran ang residensyal na serbisyo sa loob ng regular na siklo ng pagsingil ng Distrito. Ituturing na hindi kaya ng customer na bayaran ang residensyal na serbisyo sa loob ng regular na siklo ng pagsingil ng Distrito kung ang sinumang miyembro ng sambayanan ng customer ay kasalukuyang tumatanggap ng benepisyo mula sa CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o ipinahayag ng customer na ang taunang kita ng sambayanan ay mas mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan.

(iii) Pumapayag ang customer na pasukin ang kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul sa pagbabayad, o isang plano para sa ipinagpaliban o binawasang pagbabayad kaugnay ng lahat ng delingkwenteng singil.

B. Kung natutugunan ang lahat ng kondisyong nakalista sa itaas, maghahandog ang Distrito ng isa o higit pa sa mga sumusunod na opsyon:

- (i) Amortisasyon ng hindi nabayaranang balanse.
- (ii) Pagsali sa alternatibong iskedyul sa pagbabayad.
- (iii) Bahagi o ganap na pagbawas sa hindi nabayaranang balanseng napinansyahan nang walang mga karagdagang singil sa iba pang mga nagbabayad ng singil.
- (iv) Pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad.

C. Ang General Manager ay awtorisadong pagpasyahan kung aling mga opsyon sa pagbabayad na inilalarawan sa talata (B) na kukunin ng customer at maaaring magtakda ng mga limitasyon sa opsyon sa pagbabayad na iyon sa kondisyong ang pagbabayad sa anumang natitirang hindi pa nababayaranang balanse ay maisasagawa sa loob ng 12 buwan, at higit pang sa kondisyong maaaring lamang aprubahan ng General Manager ang bahagi o buong pagbabawas sa hindi nabayaranang balanse kung ang pagbabawas na iyon ay maaaring mapondohan sa pamamagitan ng mga kita sa buwis sa ari-arian na inaprubahan ng Lupon ng mga Direktor ng Distrito at hayagang inilipat sa badyet ng Pondo sa Tubig na para sa layunin ng paggawa nito.

D. Maaaring putulin ang residensyal na serbisyo nang hindi mas maaga kaysa sa limang (5) araw ng opisina pagkatapos magpaskil ang Distrito ng panghuling abiso ng intensyong putulin ang serbisyo sa isang prominente at kitang-kitang lokasyon sa ari-arian isa ilalim ng mga sumusunod na kalagayan:

(i) Hindi nakasunod ang customer sa kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul sa pagbabayad, o pagpapaliban o pagbabawas sa plano ng pagbabayad para sa mga delingkwenteng singil para sa animnapung (60) araw o higit pa.

(ii) Habang isinasagawa ang kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul sa pagbabayad, o pagpapaliban o pagbabawas sa plano ng pagbabayad para sa mga delingkwenteng singil, hindi binayaran ng customer ang kanyang mga kasalukuyang singil sa residensyal na serbisyo para sa animnapung (60) araw o higit pa.

7. Pagpapanumbalik ng Serbisyo sa Tubig.

A. Isang panlungsod at pangkomunidad na sistema ng tubig na pumuputol sa residensyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad ang magbibigay sa customer ng impormasyon sa kung paano ipapanumbalik ang residensyal na serbisyo. Para sa residensyal na customer na magpapakita sa Distrito na ang kita ng sambahayan ay mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan, gagawin ng Distrito ang pareho sa mga sumusunod:

(i) Magtatakda ng singil sa serbisyo sa muling pagpapakonekta para sa muling pagpapakonekta sa mga regular na oras ng operasyon sa halagang hindi lalampas ng limampung dolyar (\$50), o sa aktwal na halaga ng muling pagpapakonekta kung mas mababa ito. Para sa muling pagpapakonekta ng residensyal na serbisyo sa labas ng mga oras ng operasyon, magtatakda ang Distrito ng singil sa serbisyo sa muling pagpapakonektang hindi lalampas ng isang daan at limampung dolyar (\$150), o aktwal na halaga ng muling pagpapakonekta sa labas ng mga oras ng operasyon kung mas mababa ito.

(ii) Ang pinakamalaking halagang \$50 para sa muling pagpapakonekta sa panahon ng mga oras ng operasyon at \$150 sa labas ng mga oras ng operasyon ay mapapailalim sa taunang pagsasaayos para sa mga pagbabago sa Consumer Price Index (Indise ng Presyo ng Mamimili) simula Enero 21, 2021. Gagamitin ng Distrito ang average sa lugar ng Los Angeles at lugar ng San Francisco sa pagpapasya ng pagtataas ng Consumer Price Index.

(iii) Talikdan ang mga singil sa interes sa mga delingkwenteng singil isang beses kada 12 buwan.

B. Ituturing ng isang panlungsod at pangkomunidad na sistema ng tubig na ang residensyal na customer ay mayroong kita ng sambayahang mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan kung ang sinumang miyembro ng sambayanan ng customer ay kasalukuyang tumatanggap ng benepisyo mula sa CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o ipinahayag ng customer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan.

8. Mga Serbisyonang may kinalaman ang Ugnayang Nagpapaupa-Nangungupahan.

A. Kung magkakaloob ang Distrito ng pang-indibidwal na nakametrong residensyal na serbisyo sa mga residensyal na okupante ng isang nakahiwalay na pang-isahang pamilyang tirahan, isang residensyal na istrakturang may maramihang yunit, parke ng mobile hime, o permanenteng residensyal na istraktura sa isang kampo ng paggawa gaya ng binigyang kahulugan sa Seksyon 17008, at ang may-ari, tagapamahala, o tagapagpatakbo ng tirahan, istraktura, o parke ay ang customer na nasa rekord, ang Distrito ay magsusumikap na ipaalam sa mga residensyal na okupante, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso, kapag may hindi nababayaran sa account na ang serbisyo ay puputulin nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagputol. Higit pang ipapaalam ng nakasulat na abito sa mga residensyal na okupante na sila ay may karapatang maging mga customer, kung kanino sisingilin ang serbisyo, nang hindi inaatasang bayaran ang anumang halagang maaaring dapat bayaran sa delingkwenteng account. Sa kabila ng nasa itaas, kasalukuyang hindi nagbibigay ng pang-indibidwal na nakametrong residensyal na serbisyo sa parke ng mobile home.

B. Hindi ipagkakaloob ng distrito ang serbisyo sa mga residensyal na okupante maliban kung sumasang-ayon ang bawat residensyal na okupante sa mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo at tumutugon sa mga iniaatas ng batas at mga ordinansa, resolusyon, patakaran at regulasyon ng Distrito. Ngunit kung isa o higit pa sa mga residensyal na okupante ay pumapayag at nagagawang akuin ang responsibilidad para sa mga susunod sa singil sa account sa kasiyahan ng Distrito, kabilang ang mga iniaatas na maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa pagbabayad ng depositong \$120 at pagkumpleto ng aplikasyon para sa serbisyo nang sa gayon ang General Manager, o itinalaga, ay maaaring suriin kung nasisiyahan ang Distrito na ang mga residensyal na aplikante ay maaaring matugunan ang mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo, o kung may pisikal na pamamaraang legal na umiiral para sa Distrito na mapipiling putulin ang serbisyo para sa mga residensyal na okupanteng hind inatugunan ang mga iniaatas ng Distrito, ipagkakaloob ng Distrito ang serbisyo sa mga residensyal na okupanteng nasisiyahan ang Distrito dahil matutugunan ng mga ito ang mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo.

9. Pag-uulat ng mga Iniaatas. Iuulat taun-taon ng Distrito ang bilang ng mga pagputol ng residensyal na serbisyo dahil sa kawalan ng kakayahang magbayad sa Internet na Website ng Distrito at sa Lupon ng Kontrol sa Mapagkukunan ng Tubig ng Estado

10. Mga Limitasyon ng Patakarang ito. Wala sa patakarang ito ang nagbabawal, naglilimita o sa ibang paraan, nagpapahina sa kakayahan ng Distritong putulin ang serbisyo sa customer sa mga dahilang bukod sa mga hayagang nakasaad sa patakarang ito kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga hindi awtorisadong aksyon ng customer.

11. Iba pang mga Aksyon upang Masiguro ang Pangongolekta ng mga Delingkwenteng Singil.

A. Alinsunod sa Kodigo ng Gobyerno Seksyon 61115(a)(3)(C), pinarurusahan ng Distrito ang customer dahil sa hindi pagbabayad ng mga singil sa antas na sampung porsyento

(10%), pati ang karagdagang parusang isang porsyento (1%) kada buwan para sa hindi pagbabayad sa mga singil.

B. Alinsunod sa Kodigo ng Gobyerno Seksyon 61115(b), maaaring kolektahin ng Distrito ang anumang mga delingkwenteng singil at parusa sa buwis sa parehong paraan ng mga buwis sa ari-arian.

C. Alinsunod sa Kodigo ng Gobyerno Seksyon 61115(c), inaawtorisahan ng Lupon ng mga Direktor ang General Manager o itinalaga na maglabas ng sertipikong pagpapahayag sa form na inaprubahan ng legal na abogado ng Distrito ang halaga ng mga delingkwenteng singil at parusang dapat bayaran at ang pangalan at huling kilalang address ng taong mananagot sa mga delingkwenteng singil at parusa, at itala ang nasabing sertipiko sa tanggapan ng Rekorder ng County ng San Luis Obispo alinsunod sa mga pamamaraang itinalaga ng General Manager. Isasama sa nasabing mga pamamaraan na ang probisyong nagtatala ng sertipiko ay mangyayari lamang pagkatapos maabisuhan ang customer ng layon ng Distritong itala ang sertipiko, na ang mga customer ay may sampung (10) araw (ng tanggapan) upang ipaalam sa Distrito kung nilalayong iapela ng customer ang pagtatala ng sertipiko sa Lupon ng mga Direktor, at kung mag-aapela ang customer, maitatala lamang ang sertipiko pagkatapos maisaalang-alang ang apela at kung iuutos lamang ng Lupon ng Direktor na itala ang sertipiko.